

PAG-UNAWA SA POSIBILIDAD NA MAGKAROON NG SAKUNA

Kinakalkula ang posibilidad na magkaroon ng sakuna sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga panganib ang malamang na mangyari sa lugar, pagtasa sa mga aspeto ng mga komunidad na maaaring negatibong maapektuhan ng panganib, at pagtukoy sa iba't ibang salik na dahil sa tao na nakakaapekto sa kakayahan nilang paghandaan, tugunan, at malampasan ang sakuna. Mas mapoproteksyunan at mas mapapatatag ng mga komunidad na may mga kaalaman at kagamitan ang mga sarili nila laban sa mga sakuna kapag nauunawaan at natutugunan nila ang mga posibilidad na magkaroon ng sakuna.

Mga tagubilin

Mga Aktibidad para Mapaliit ang Posibilidad na Magkaroon ng Sakuna

Oras na Kailangan

30 minuto

Hirap

Katamtaman

Mga Kinakailangan

Kariton ng itlog, 2 itlog,
2 bola ng ping-pong

● Unang Hakbang

- Kumuha ng kariton ng itlog na walang laman na kakatawan sa pagdanas ng sakuna, at ng dalawang itlog at dalawang bola ng ping-pong na kakatawan sa kadaliang maapektuhan.

● Ikalawang Hakbang

- Ilagay ang isang itlog at isang bola ng ping-pong sa gilid ng kariton ng itlog saka alugin ang kariton para kunwari'y may lindol.

● Ikatlong Hakbang

- Pag-usapan ang nangyari sa itlog at sa bola ng ping-pong noong lumindol. Iisang panganib ang naranasan ng mga iyon pero nabasag ang isa dahil sa kadaliang maapektuhan habang tumalbog ang isa pa.

● Ikaapat na Hakbang

- Ilagay ang natitirang itlog at bola ng ping-pong sa gitna ng kariton ng itlog saka alugin ang kariton para kunwari'y may lindol.

● Ikalimang Hakbang

- Pag-usapan ang nangyari sa itlog at sa bola ng ping-pong sa mga kondisyong ito. Dahil nabawasan ang mga kinaharap na panganib na dala ng lindol dahil sa proteksyong naibigay ng puwesto sa gitna ng kariton, hindi masyadong naapektuhan maging ang itlog na madaling maapektuhan.

